Impormasyon sa saklaw ng seguro at paniningil para sa mga pagsusuri sa Oncotype DX®, OncoExTra®, at Riskguard™

Ang pangako ng Exact Sciences sa kadalian ng pag-access

Nakatuon ang Exact Sciences sa pagsuporta sa iyong mga pagsisikap na gumawa ng mas maaasahan at may-kabatirang mga desisyon tungkol sa paggamot sa iyong kanser. Tutulungan ka naming maunawaan at masiyasat ang proseso ng seguro at paniningil. Maaaring tumulong ang aming pangkat sa mga paunang awtorisasyon, paniningil sa seguro, pag-apela ng mga tinanggihan na paghahabol at pagbibigay ng mga naiaangkop na opsyon sa pagbabayad kung kinakailangan.

Makipag-ugnayan sa pangkat namin para sa Serbisyo sa Kostumer sa 888-662-6897, (Opsyon 2 para sa Pagsingil).

Saklaw sa mga Uri ng Seguro

Komersyal/Pribadong seguro

Bagama't sinasaklaw ng maraming komersyal na kompanya ang aming mga pagsusuri para sa mga karapat-dapat na pasyente, nag-iiba-iba ang saklaw ayon sa produkto at sa iyong partikular na plano. Makipag-ugnayan sa aming pangkat sa Serbisyo sa Kostumer o sa kompanya ng iyong seguro para sa isang indibidwal na pagtatasa.

Ang Exact Sciences† ay isang nasa loob ng network na tagapagbigay ng serbisyo na may maraming planong pangkalusugan, kabilang ang Aetna, Anthem, Cigna, Humana, at United Healthcare.

Ginagawa ng Exact Sciences ang mga serbisyong iniuutos at itinuturing na medikal na kinakailangan, anuman ang katayuan ng tagapagbigay ng serbisyo ng network.†

†Ang Genomic Health Inc. ang entidad na tagasingil para sa mga pagsusuri sa Oncotype DX®, OncoExTra®, at Riskguard™.

[1]Maaaring magkaroon ng pananagutang pinansiyal ang mga pasyente para sa isang co-pay, co-insurance, deductible, o hindi saklaw na mga singil na itinatakda ng kanilang seguro.

Upang makuha ang impormasyong ito sa ibang mga wika, bisitahin ang aming website para mai-download ang mga brosyur sa Espanyol, Intsik, Tagalog, at marami pa.

Medicare

Sinasaklaw ng mga planong Fee For Service Medicare at Medicare Advantage ang bawat isa sa aming mga pagsusuri para sa mga karapat-dapat na miyembro.

$0 na pananagutang pinansiyal para sa Medicare fee-for-service (FFS) kapag natutugunan ang mga pamantayan sa saklaw. Ang mula sa bulsa na mga gastos para sa mga miyembro ng Medicare Advantage, kung mayroon man, ay itinatakda ng kompanya ng seguro ng pasyente.[1]

Medicaid

Bagama't maraming programang Medicaid ng estado at mga kompanya ng Managed Medicaid ang sumasaklaw sa aming mga pagsusuri para sa mga karapat-dapat na pasyente, nag-iiba ang saklaw ayon sa estado, ayon sa produkto, at ayon sa partikular na planong pangkalusugan. Makipag-ugnayan sa aming pangkat sa Serbisyo sa Kostumer o sa kompanya ng iyong serguro para sa isang indibidwal na pagtatasa.

Walang seguro at kulang sa seguro

Nakikipagtulungan kami sa mga pasyente upang matulungan silang maunawaan ang kanilang saklaw at mga opsyon sa pagbabayad.

Makipag-ugnayan sa amin sa 1-888-662-6897 para matalakay ang iyong partikular na sitwasyon.

I-scan dito o bisitahin ang aming website

https://www.exactsciences.com/cancer-testing/coverage

Proseso – Sinusuportahan ka namin sa bawat hakbang

Ang iyong doktor ang nag-uutos ng pagsusuri.
Sinusuri namin ang saklaw ng iyong seguro, at kung kinakailangan, makikipagtulungan kami sa opisina ng iyong doktor at kumpanya ng seguro upang makapagsumite ng paunang awtorisasyon.

Kapag handa na ang iyong mga resulta sa pagsusuri, sisingilin namin ang iyong seguro.

Magpapadala sa iyo ang iyong kompanya ng seguro ng Paliwanag ng mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB). Tutukuyin ng iyong seguro kung may utang ka sa anumang gastos, at dapat na detalyado ito sa iyong EOB. Tandaan na hindi isang singil ang EOB.

Dahil nag-iiba-iba ang saklaw ng seguro, mariin ka naming hinihikayat na makipag-ugnayan sa iyong tagaseguro kung mayroon kang mga tanong tungkol sa saklaw at mga potensyal na gastos mula sa bulsa.

Kung tatanggihan ng iyong seguro ang pagbabayad, magsusumite ang Exact Sciences ng mga apela sa ngalan mo, kung available ang mga opsyon sa apela*.

Kapag kumpleto na ang lahat ng aksyon sa iyong seguro, kung mayroon kang anumang natitirang balanse, makakatanggap ka ng singil mula sa Exact Sciences†.

---

oncotype DX®

oncoExTra®
Tissue Genomic Profiling

riskguard™
Hereditary Cancer Test

Para sa impormasyon sa saklaw ng seguro sa Oncotype DX at OncoExTra bisitahin ang

https://www.exactsciences.com/cancer-testing/coverage

Para sa impormasyon sa saklaw ng seguro sa Riskguard bisitahin ang

https://www.exactsciences.com/ our-tests/riskguard/billing-financial-coverage

Tungkol sa Exact Sciences

Isang nangungunang tagappagbigay ng serbisyong pag-screen ng kanser at mga pangdiyagnostikong pagsusuri, tinutulungan ng Exact Sciences ang mga tao na makuha ang mga sagot na kailangan nila para makagawa ng mas may-kabatirang mga desisyon sa buong pagpapatuloy ng kanser. Batay sa tagumpay ng mga pagsusuri sa Oncotype DX®, OncoExTra®, at Riskguard™, ang Exact Sciences ay namumuhunan sa hanay ng produkto nito upang maharap ang ilan sa mga pinaka-nakamamatay na kanser at mapabuti ang pangangalaga sa pasyente. Sa pamamagitan ng isang makabago, masinsinan na diskarte, at sa suporta ng mahuhusay na katuwang, tinutulungan namin na maisulong ang paglaban sa kanser.

Ang Oncotype DX at OncoExTra ay rehistradong mga trademark ng Genomic Health, Inc., isang subsidyaryo na ganap na pagmamay-ari ng Exact Sciences Corporation. Ang Exact Sciences at Riskguard ay mga trademark ng Exact Sciences Corporation.

Ang mga pagsusuring ito ay binuo, at ang mga katangian ng pagganap ay biniberipika ng Exact Sciences Laboratories at/o ng mga subsidiyaryo na ganap na pagmamay-ari ng Exact Sciences Corporation sa pagsunod sa mga College of American Pathologist (CAP) at sa mga regulasyon sa Clinical Laboratory Improvement Amendments (CLIA). Ang mga pagsusuring ito ay hindi pa pinayagan o inaprubahan ng US Food and Drug Administration o ng iba pang naabisuhan na panregulatoryong awtoridad.

* Sa ilang mga kaso, ang pahintulot sa apela ay kinakailangan. Kung nangangailangan ng pahintulot ang iyong kompanya ng seguro para makaapela ang Exact Sciences para sa iyo, makikipag-ugnayan kami sa iyo. Mahalagang lagdaan at ibalik ang mga porma ng pahintulot sa lalong madaling panahon upang mabigyang-daan ang mga napapanahong apela kung sakaling tanggihan ang paghahabol.

Ang † Genomic Health, Inc. ang entidad na tagasingil para sa mga pagsusuri sa Oncotype DX®, OncoExTra®, Riskguard™.

© 2024 Genomic Health, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. M-US-ES-00859_0724

GUSTONG MALAMAN ANG HIGIT PA?
ExactSciences.com

MAY TANONG? Tumawag sa 888-662-6897